| Aralin 5 | الدرس الخامس |
| --- | --- |

إكمال كيفية الصلاة: المغرب، الظهر، العصر ، العشاء

## Ang Saláh sa Maghrib

1. Sa pagsagawa ng saláh sa maghrib, gawin ang tulad sa saláh sa fajr.
2. Habang nakaupo nang pag-upong Iftirásh, tahimik na big-kasin ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikala-wang rak'ah.
3. Pagkatapos ng Unang Tashahhud ay tumayo upang isaga-wa ang ikatlo na siyang huling rak'ah. Habang tumatayo ay magsabi ng ***Alláhu akbar*** habang itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa kata-pusan ng bilang 13, maliban sa bilang 7.
4. 4. Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong rak'ah ay magsabi ng Alláhu akbar habang itinataas ang katawan at ulo. Maupo nang pag-upong tawarruk: naka-tukod ang kanang paa, nakalabas at maaaring nakaupo sa lapag. Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintuturo na naka-turo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ipatong sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod.
5. Habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud.
6. Isagawa ang taslím sa pamamagitan ng pagsasabi ng ***assalámu 'alaykum wa rahmatu -lláh*** habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon.

## Ang mga Saláh sa Dhuhr, sa 'Asr, at sa 'Ishá'

1. Sa pagsasagawa ng alin man sa 3 saláh, gawin ang tulad ng ginagawa sa saláh sa fajr, mula sa bilang 1 hanggang 16.
2. Habang nakaupo nang pag-upong iftirásh, tahimik na big-kasin ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikala-wang rak'ah.
3. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa sa ikalawang rak'ah ay sabihin ang ***Alláhu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo at manatiling nakaupo nang pag-upong Iftirásh (larawan 5-6-7). Bigkasin nang tahimik ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikalawang rak'ah.
4. Pagkatapos ng Unang Tashahhud ay tumayo upang isaga-wa ang ikatlong rak'ah. Habang tumatayo ay sinasabi ang ***Alláhu akbar*** at itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 13, mali-ban sa bilang 7. Pagkatapos nito ay nakumpleto na ang ikatlong rak'ah.
5. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong rak'ah ay tumayo upang simulan ang ikaapat na rak'ah at tumin-dig ng tuwid. Habang tumatayo ay binibigkas ang ***Alláhu akbar***. Dito nagtatapos ang ikatlong rak'ah.
6. Tumayo upang isagawa ang ikaapat na rak'ah. Habang tumatayo ay sinasabi ang ***Alláhu akbar***. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang tulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 13, maliban sa bilang pito 7.
7. Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikaapat na rak'ah ay magsabi ng ***Alláhu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo. Maupo nang pag-upong Tawarruk: naka-tukod ang kanang paa, nakalabas at maaaring nakaupo sa lapag. Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintu-turo na nakaturo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ipatong sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod.
8. At habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud.
9. Isagawa ang taslím sa pamamagitan ng pagsabi ng ***assalámu 'alaykum wa rahmatu -lláh*** habang lumilingon sa kanan. Pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon.